## ANG A-BA-KA-DA NG KALIGTASAN

Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios; Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmapuri. **(Efeso 2:8-9)**

**KUNG MAMATAY KA NGAYON, PAPAROON KA BA SA LANGIT? - NGAYON ANG ARAW NG KALIGTASAN-(2Corinto 6:2)**

Bakit mo ipagpapaliban pa ang pinakamahalaga na pagpapasiya na maaaring gawin ng sinoman sa kaniyang buhay upang magkaroon ng buhay na walang hanggan?

**KAPAHAYAGAN NG MABUTING BALITA:**

"Ngayo'y ipinatatalastas ko sa inyo, mga kapatid, ang evangelio na sa inyo'y aking ipinangaral, na inyo namang tinanggap, na siya naman ninyong pinananatilihan, sa pamamagitan naman nito'y ligtas kayo kung matiyaga ninyong iingatan ang salitang ipinangaral ko sa inyo, maliban na kung kayo'y nagsipanampalataya nang walang kabuluhan. Sapagka't ibinigay ko sa inyo una sa lahat, ang akin namang tinanggap: na si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan, at siya'y inilibing; at siya'y muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan." (**1 Corinto 15:1-4)**

**A – AMININ MO** NA IKAW AY MAKASALANAN AT AYAWAN MO ANG KASALANAN. **(1John 1:8-9)**

Ito ang panimula ng kalumbayang mula sa Dios dahil sa pakakasala laban sa matuwid na Dios na tungo sa pagsisisi sa ikaliligtas at pababago ng puso at pagiisip upang babaguhin tayo ng Dios mula sa kalooban at panlabas.

**B – BIBIG MO** AY MAGSABI AT PUSO MO AY SUMAMPALATAYA NA SI JESUCRISTO AY NAMATAY DAHIL SA IYONG KASALANAN, AYON SA KASULATAN, AT NALIBING, AT BINUHAY SIYA MULI NG DIOS SA IKATLONG ARAW AYON SA KASULATAN. **(Romans 10:9-10)**

Sapagka't kung ipahahayag mo ng iyong bibig si Jesus na Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay siyang maguli ng Dios sa mga patay ay maliligtas ka.

**KA – KAY KRISTO JESUS** KA TUMAWAG AT SUMAMPALATAYA KA SA PANGALAN NIYA UPANG MAGKAROON KA NG BUHAY NA WALANG HANGGAN NA NASA PANGALANG JESUS. **(Acts 2:21; 4:12; JOHN 20:31)**

Dumarating ang araw na bawat isa, mula kay Adan ay luluhod at ipapahayag ng kanilang labi na si Jesucristo ay Panginoon ng mga panginoon at Hari ng mga hari.